

Gabay sa Proseso ng Pagpaparehistro at Pagboto ng mga Hindi Mamamayan

Nobyembre 8, 2022,
Eleksyon para sa Lupon ng mga
Paaralan

MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod pa rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita rin ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org).

Mahahalagang Petsa at mga Makukuhang Tulong

Lunes, Oktubre 10

Simula ng maagang botohan.

Magsisimulang dumating sa koreo ang mga balota ng mga botante.

Martes, Oktubre 11

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng mga balota. Magkakaroon ng mga opisyal na kahon na hulugan ng balota sa iba't-ibang lokasyon sa buong Lungsod.

Lunes, Oktubre 24

Huling araw ng pagpaparehistro para makaboto at makatanggap ng balota sa koreo.

Matapos ang araw na ito, maaaring makapagparehistro at makaboto ng probisyonal na balota ang sinumang elihibleng bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Martes, Nobyembre 8, Araw ng Eleksyon

Bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. ang Sentro ng Botohan sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota.

Makakukuha ng mga pang-eleksyong materyales, mga instruksiyon, at opisyal na mga balota sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Makakukuha rin ng mga bersiyon ng form para sa pagpaparehistro ng botante na isinalin sa 45 na iba't ibang wika.

Elihible ba akong magparehistro at makaboto sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan?


Gamitin ang checklist sa ibaba para kumpirmahin kung elihible kayong magparehistro upang makaboto sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan sa Nobyembre 8, 2022. Kailangang totoo ang lahat ng mga pahayag:

- Hindi ako mamamayan ng Estados Unidos
- Nakatira ako sa San Francisco
- Wala akong planong lumipat ng tirahan bago mag-Nobyembre 8, 2022
- Ako ang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapangalaga* ng isang batang nakatira sa San Francisco na mas mababa sa 19 taong gulang ang edad sa Nobyembre 8, 2022
- Ako ay 18 taong gulang o higit pa sa Nobyembre 8, 2022
- Hindi ako nakakulong nang dahil sa peloni
- Hindi napatunayan ng isang hukuman na wala sa maayos na katinuan ang aking pag-iisip para bumoto

**Ang tagapangalaga ay isang taong pumipirma sa affidavit para i-enroll ang isang menor de edad sa paaralan at pumapayag sa mga pangangalagang medikal na may kaugnayan sa paaralan sa ngalan ng menor de edad. Tinutukoy ito ng batas ng estado, sa CA Family Code §6550-6552.*

Ang pagpaparehistro para bumoto sa eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ng San Francisco ay hindi nagpapahintulot sa inyo na bumoto sa iba pang pampederal, pang-estado, o panlokal na mga eleksyon.

Paano ako magpaparehistro upang makaboto?



1. Kumuha ng Form para sa Pagpaparehistro

- Tawagan ang Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, o
- Pumunta sa ***sfelections.org/NCV***, o
- Bisitahin ang Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.

2. Basahin at kompletuhin ang lahat ng parte ng Form

- Basahin ang Mahalagang Abiso,
- Gamitin ang checklist upang kumpirmahin ang inyong elihibilidad, at
- Punan at pirmahan ang Form.

3. Ibalik ang Form nang hindi lalampas sa Oktubre 24

- Ipadala ang Form sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), o
- Dalhin ang Form sa Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.

Kapag naiproseso na ang inyong Form para sa Pagpaparehistro, padadalhan kayo ng Departamento ng Sulat na Notipikasyon ng Rehistrasyon ng Botante para kumpirmahin ang inyong pagpaparehistro. Kung hindi ninyo natanggap ang sulat sa loob ng isang linggo, makipag-ugnayan sa Departamento.

Paano ko malalaman ang tungkol sa mga kandidato sa balota?

Sa unang bahagi ng Oktubre, padadalhan kayo ng Departamento ng mga Eleksyon ng Voter Information Booklet (Buklet ng Impormasyon para sa Botante) sa pamamagitan ng koreo. Magbibigay ang booklet na ito ng impormasyon tungkol sa maagang pagboto sa Oktubre at may kasamang impormasyon tungkol sa mga kandidato na nais mapabilang sa Lupon ng mga Paaralan. Maglalaman ang booklet na ito ng halimbawang balota na maaari ninyong gamitin upang magsanay sa pagmamarka sa inyong (mga) pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota. Maaari din ninyong basahin ang booklet online sa sfelections.org/portal/NCV.

Ano ang aking mga opsiyon sa pagboto?

Maaari kayong bumoto sa Nobyembre 8, 2022 na Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan sa **pamamagitan ng koreo** o **nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.



Paano ako makaboboto sa pamamagitan ng koreo?


Sa unang bahagi ng Oktubre, magpadadala ang Departamento ng paketeng vote-by-mail sa pamamagitan ng koreo na naglalaman ng inyong balota, mga instruksiyon sa pagboto, “Bumoto ako!” na sticker, at pambalik na sobre ng balota na bayad na ang selyo. Para bumoto sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong kompletuhin ang mga hakbang na ito:

1. Markahan ang kalakip na balota

Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa balota at punan ang mga oval sa tabi ng inyong (mga) pinili gamit ang lapis o panulat na matinkad ang tinta.

2. Ihanda ang inyong pambalik na sobre

Alisin ang resibo ng balota at ilagay ang inyong balota sa loob ng kasamang pambalik na sobre na bayad na ang selyo, at kompletuhin at pirmahan ang likod nito. Upang i-awtorisa ang ibang tao para ibalik ang inyong balota, kompletuhin ang Ballot Return Authorization Section (Seksyon ng Awtorisasyon sa Pagbabalik ng Balota).



3. Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon

Para mabilang, kailangang mai-postmark ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo bago o sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, 2022.

Ang mga balotang ibabalik nang personal ay kailangang dalhin sa Sentro ng Botohan sa City Hall, lugar ng botohan, o sa isang opisyal na kahon na hulugan ng balota na mula sa Departamento ng mga Eleksyon, nang hindi lalagpas sa pagsasara ng mga botohan (8 p.m.) sa Araw ng Eleksyon. Hindi na kailangan ng selyo.



Mga Nakatutulong na Rekurso

- Simula Oktubre 10, maaaring i-access at markahan ng mga botante ang aksesible na balotang vote-by-mail sa **sfelections.org/ncvaccess**. Kailangang i-print at ibalik ang mga namarkahang balota sa Departamento ng mga Eleksyon.
- Para mahanap ang lokasyon ng opisyal na kahon na hulugan ng balota na madaling puntahan, pumunta sa **sfelections.org/balлотdropoff**.
- Para humiling ng pamalit na balota, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 sa lalong madaling panahon.
- Para masubaybayan ang inyong balota, pumunta sa **sfelections.org/portal/NCV**.

Paano ako makaboboto nang personal?



Para mahanap ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan:

- pumunta sa sfelections.org/portal/NCV, o
- tumawag sa (415) 554-4310, o
- tingnan ang likod ng inyong Voter Information Booklet.

Pagdating ninyo sa inyong lugar ng botohan, kailangan ninyong kompletuhin ang mga hakbang na ito:

1. Mag-check in


Ibigay ang inyong pangalan at address sa manggagawa sa lugar ng botohan. Pirmahan ang roster o listahan sa tabi ng inyong pangalan.

CALIFORNIA ELECTION		Roster of Voters Board of Education Election		CITY & COUNTY OF SAN FRANCISCO	
<small>WARNING: It is a crime punishable by imprisonment in the state prison or in county jail for anyone to fraudulently vote, fraudulently attempt to vote, vote more than once, attempt to vote more than once, impersonate a voter, or attempt to impersonate a voter. (California Election Code sections 14109 & 10560)</small>					
NAME	ADDRESS	PHONE	SEX	MARK	BARCODE
1083 Aardvark, Jenna	123 Van Ness Ave		<input type="radio"/>		
1084 Aardvark, John	123 Van Ness Ave		<input type="radio"/>	John Aardvark	

2. Kunin ang inyong balota

Ibigay ng manggagawa sa lugar ng botohan ang inyong balota at mga materyales sa pagboto.

(Kung nais ninyo ng balota sa audio o touchscreen, sabihin lamang sa manggagawa sa lugar ng botohan.)



3. Suriin at markahan ang inyong balota

- ✓ Siguraduhin na ang inyong balota ay naglalaman lamang ng labanan para sa Lupon ng mga Paaralan.
- ✓ Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa itaas na bahagi ng balota.
- ✓ Punan ang mga oval sa tabi ng inyong (mga) pinili.

(Kung nakagawa kayo ng pagkakamali habang ginagawa ang inyong (mga) pagpili, may karapatan kayong humiling ng panibagong balota mula sa manggagawa sa lugar ng botohan.)

4. Bumoto sa inyong balota

- ✓ Dalhin ang inyong balota na nasa loob ng pantakip na folder sa voting machine (makina ng pagboto).
- ✓ Ipasok ang balota sa voting machine at kumuha ng “Bumoto ako!” na sticker mula sa manggagawa sa lugar ng botohan.



Kung boboto kayo gamit ang touchscreen na balota, markahan ang inyong balota sa pamamagitan ng pagpindot sa inyong (mga) pinili sa screen. Suriin ang inyong (mga) pinili bago kayo bumoto.

Kung boboto kayo gamit ang audio na balota, pakinggan ang audio na mga instruksiyon upang gabayan kayo sa balota at gumawa ng inyong (mga) pagpili. Ang inyong (mga) pinili ay iparirinig sa inyo bago kayo bumoto.

Ang proseso ng pagboto sa Sentro ng Botohan sa City Hall ay pareho sa proseso sa lugar ng botohan. Magkakaroon din ng tulong na personal at serbisyo para sa interpretasyon sa lahat ng lugar ng botohan.

Ano ang aking mga karapatan sa pagboto?

Bilang rehistradong botante na hindi mamamayan, may karapatan kayong:

1. Bumoto sa eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ng San Francisco sa Nobyembre 8, 2022 kung kayo ay elihible
2. Bumoto ng probisyonal na balota kung wala ang inyong pangalan sa listahan sa inyong lugar ng botohan
3. Bumoto kung nakapila pa rin kayo matapos magsara ang mga botohan nang 8 p.m.
4. Bumoto ng lihim na balota nang walang gumagambala sa inyo
5. Kumuha ng bagong balota kung nagkamali kayo
6. Kumuha ng tulong kaninuman, maliban sa inyong tagapag-employo o kinatawan ng unyon
7. Ihulog ang inyong balotang vote-by-mail sa kahit saanmang lugar ng botohan
8. Kumuha ng tulong sa pagpaparehistro at bumoto sa inyong piniling wika
9. Magtanong sa mga opisyal ng eleksyon, at panuorin ang proseso ng eleksyon
10. Ipagbigay-alam ang anumang ilegal na aktibidad, pandaraya, o pananakot sa botante sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310

May mga Katanungan?

Tumawag sa **(415) 554-4310** o bumisita sa
sfelections.org/NCV



English: (415) 554-4375

Español: (415) 554-4366

中文 : (415) 554-4367

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386

SFVote@sfgov.org

sfelections.org

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.

City Hall, Room 48

San Francisco, CA 94102

    /sfelections

Kung hihilingin, maaaring magbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng sulat na nagpapaliwanag ng inyong elihibilidad na bumoto bilang hindi mamamayan sa eleksyon ng Lupon ng mga Paaralan ng San Francisco. Kinukumpirma ng sulat na ito ang karapatan sa pagboto na ipinagkaloob sa mga hindi mamamayan sa ilalim ng Tsarter ng San Francisco.

MGA MAKUKUHANAN NG TULONG

African Advocacy Network

3106 Folsom St.
(415) 503-1032
aansf.org

Arab Resource and Organizing Center

522 Valencia St.
(415) 861-7444
araborganizing.org

Central American Resource Center

3101 Mission St., Suite 101
(415) 642-4400 /
(415) 872-7465
carecensf.org

Chinese for Affirmative Action

17 Walter U. Lum Pl.
(415) 274-6750
caasf.org

Coleman Advocates for Children and Youth

459 Vienna St.
(415) 239-0161
colemanadvocates.org

La Raza Community Resource Center

474 Valencia St., Suite 100
(415) 863-0764
larazacrc.org

Mission Economic Development Agency

2301 Mission St., Suite 301
(415) 282-3334
medasf.org

Mission Graduates

3040 16th St.
(415) 864-5205
missiongraduates.org

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto at mga makukuhanan ng tulong kaugnay ng imigrasyon, mangyaring bisitahin ang sfelections.org/NCV. Kasama rin sa pahinang ito ang mga link sa mga website ng mga organisasyon at mga ahensiya na nagbibigay ng access sa mga serbisyong legal, pangkomunidad, at pang-pagkamamamayan. Kasapi ng Immigrant Parent Voting Coalition ang mga organisasyon na nakalista sa itaas.